Maikling Impormasyon sa Pagboto

Petsa at Oras ng Pagboto

- 6 Nobyembre 2011 (Linggo)
- 7:30 n.u. - 10:30 n.g.

Pagboto

- Ang mga rehistradong botante ay maaaring bumoto sa eleksyon.
- Bawat botante ay itatalaga sa isang nakatakdang istasyon ng botohan.
- Isang kard sa pagboto na nagpapakita ng nakatalagang istasyon ng botohan ang ibibigay sa bawat botante mga 10 araw bago dumating ang araw ng botohan.
- Kung ang istasyon ng botohan na itinalaga sa isang botante ay maaaring magamit ng mga taong may kapansanan sa paglakad, ito ay itutukoy sa mapa na kalakip ng kard sa pagboto. Kung ang mga botante na may kapansanan sa paglakad ay natuklasan na ang nakatalagang istasyon ng botohan ay hindi madaling puntahan ay maaaring mag-aplay sa Registration and Electoral Office para bumoto sa isang espesyal na istasyon ng botohan sa pamamagitan ng fax (2891 1180) o sa telepono (2891 1001) ng hindi lalampas ng 1 Nobyembre 2011. Kung ang botante ay mangangailangan ng tulong sa pagsalin sa wika ng impormasyon sa pagboto,maaari muna nilang tawagan ang CHEER.

<table>
<tr><th>Wika</th><th>Hotline No.</th></tr>
<tr><td>Bahasa Indonesia</td><td rowspan="3">3755 6811</td></tr>
<tr><td>Tagalog</td></tr>
<tr><td>Thai</td></tr>
<tr><td>Hindi</td><td rowspan="2">3755 6822</td></tr>
<tr><td>Nepali</td></tr>
<tr><td>Urdu</td><td>3755 6833</td></tr>
</table>

Paano bumoto?

- Dalhin ang inyong HKID card sa istasyon ng botohan at ipakita sa kawani.

- Ikaw ay bibigyan ng balota, isang paper board na may kasamang chop na may "✓". **Kailangan** mong gamitin ang chop na ibinigay sa iyo para markahan ang iyong balota.

- Sa loob ng silid ng pagboto, lagyan ng chop ang bilog sa balota na katabi ng pangalan ng kandidatong napili. Bumoto lamang ng **ISANG** kandidato. Kung ikaw ay nagkamali, mangyaring ibalik ang balota sa Presiding Officer at humingi ng kapalit.

- Itupi ng isang beses ang balota bago ilagay sa loob ng kahon ng balota.